

A KAHULUGAN AT LAYUNIN NG KAUTUSAN. Roma 3:19-20.

- ❖ Ano ang kautusan? Ang kautusan ay ang *Torah* (ang *Pentateuch* at, sa pamamagitan ng ekstensiyon, ang Lumang Tipan).
- ❖ Ano ang layunin ng kautusan?
 - Ito ay naghahayag ng kasalanan at kamalian ng tao sa harap ng Diyos.
 - Walang paraan upang ito ay makapag-alis ng kasalanan o gawin tayong matuwid sa harap ng Diyos.
 - Ito ay nagpapakita sa atin ng daan upang matamo ang pagpapatawad (halimbawa: ang sakripisyal na rituwal sa santuwaryo).
 - Ito ay nagpapakita ng karakter ng Diyos.

B ANG KATARUNGAN NG DIYOS. Roma 3:21-23. (tingnan ang *chart* sa sunod na pahina)

- Tanging ang matuwid—silang sumusunod sa kautusan ng lubusan—ang maaaring tanggapin ng Diyos.
- Wala sa atin ang matuwid ni maaari mang maging matuwid.
- ❖ Si Jesus ay namuhay ng isang matuwid na buhay. Na ang buhay ay tinanggap ng Diyos.
 - Kapag ang isang makasalanan ay tumanggap ng sakripisyo ni Jesus sa pamamagitan ng pananampalataya, ang Diyos ay tumanggap ng perfektong buhay ni Jesus sa halip ng sa makasalanan. Pagkatapos, ang makasalanang iyon ay matuwid.

C INARING-GANAP SA PAMAMAGITAN NG BIYAYA. Roma 3:24.

- ❖ Tayo ay inaring-ganap sa oras na tayo ay idineklarang matuwid sa harap ng Diyos.
- ❖ Ang daan na inihanda ng Diyos upang ideklara tayong matuwid ay ang pagtubos sa pamamagitan ng kamatayan ni Jesus.
- ❖ Ang deklarasyon ng katuwiran iyon ay walang kinalaman sa anomang bagay na maaari nating gawin; hindi tayo karapat-dapat dito. Natanggap natin ito lamang sa pamamagitan ng biyaya, bilang isang kaloob mula sa Diyos.


D PANUNUYO. Roma 3:25-27.

- ❖ Si Jesus lumalapit sa pagitan ng makasalanan at Diyos, kaya ang banal na katuwiran ay natupad at ang makasalanan ay tinanggap sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya kay Jesus.
- ❖ Ang Diyos ay matuwid, at ang Kaniyang katuwiran lamang ay katanggap-tanggap sa Kaniya. Kaya iyon lamang ang paraan upang matugunan ang mga kinakailangan ng banal na kautusan. Salamat sa katuwiran ni Jesus, ang mga makasalanan ay maaaring matanggap.

E INARING-GANAP SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA. Roma 3:28.

- ❖ Ang mga gawa ay walang kinalaman sa pag-aaring-ganap, sapagka't walang anomang bagay tayong magagawa upang maaring-ganap.
- ❖ Tayo ay aaring-ganap lamang sa pamamagitan ng pananampalataya sa tumutubos na sakripisyo ni Cristo.
- ❖ Ang pag-aaring-ganap ba ay inililibre tayo mula sa pagsunod sa kautusan?
 - Tiyak na hindi; dahil kapag ang isang tao ay pinatawad, paano pa siya mananatiling nagkakasala (ang kasalanan ay pagsuway sa kautusan)?

ITINAKWIL : Ang makasalan ay hindi nakatupad sa katuwiran na hinihingi ng Diyos (pagsunod sa kautusan).



TINANGGAP : Ang katuwiran ni Jesus ay tinanggap sa halip ng sa makasalan.